Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-1 NG MARSO, 1999, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 052-T'99

KAPASIYAHANG KINIKILALA NA ANG LIBINGAN NG BAYANING SI EMILIO JACINTO AY NASA BARANGAY SAN JUAN, SANTA CRUZ, LAGUNA.

SAPAGKA'T, ang mga naging pag-aaral at pananaliksik sa aktuwal na naging libingan ng bayaning si Emilio Jacinto ay tumutuon sa isang lugar sa Brgy. San Juan, Santa Cruz, Laguna;

SAPAGKA'T, pinatotohanan ng mga matatandang residente ng lokalidad ang paninirahan at kamatayan ng nabanggit na bayani;

SAPAGKA'T, ang ika-100 taong anibersaryo ng kanyang kamatayan ay magandang pagkakataon upang maiwasto at mailinaw ang katotohanan ng kanyng kamatayan;

SAPAGKA'T, ang kabayanihan ay kinakailangang dakilain at kilalanin upang maging huwaran ng kasalukuyang mamamayan;

SAPAGKA'T, ang pagkakaroon ng makasaysayang lugarin sa bayan ng Santa Cruz, Laguna ay isang malaking pagkakataon upang mapaunlad ang palatuntunang panturismo;

SAPAGKA'T, binibigyan ng kapangyarihan ng Atas-Republika-7160 ang pamahalaang lokal upang magpaunlad ng sariling kultura, sining at kasaysayan;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na kilalanin na ang aktuwal na naging libingan ng bayaning si Emilio Jacinto ay nasa Brgy. San Juan, Santa Cruz, Laguna.

PINAGPASIYAHAN PA RIN : Na hilingin sa Pambansang Suriang Pangkasaysayan (National Historical Institute) na mailagay ang isang opisyal na Panandang Pangkasaysayan (Historical Marker) bilang pagdakila at pagpapahalaga sa kanyang kabayanihan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang National Historical Institute, Lungsod ng Maynila, Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, mga Punong barangay at mga paaralan, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALPONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI G. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY: ____
DATE: 3-22
STA. CRUZ, LAGUNA